
# Ang Báb

*Ang Tagapagbalita ng isang Bagong Araw*




**Ang Báb ay ipinanganak noong ika-20 ng Oktubre 1819 sa Shíráz, isang lungsod sa dakong timog ng Iran. Siya ay musmos pa lamang nang sumakabilang-buhay ang Kaniyang ama. Siya ay pinalaki ng Kaniyang amain sa ina, na siyang naglagay sa Kaniya sa paaralan sa murang gulang.**




**Mabilis na natuklasan ng guro ng Báb ang Kaniyang napakalaking kakayahan at natanto na wala na siyang maituturo sa hindi pangkaraniwang bata na iyon. Ang Báb ay pinagkalooban ng Diyos ng likas na karunungan.**



**Noong panahong iyon naghihintay ang mga tao ng Iran sa pagdating ng isang bagong Sugo ng Diyos. Ipinagdarasal nila na Siya ay maihahayag agad, at maghahatid Siya ng isang panahon ng kapayapaan at katarungan sa daigdig. Nilisan ng marami ang kanilang mga tahanan upang hanapin Siya na Ipinangako.**



**Noong gabi ng ika-23 ng Mayo 1844, isang lalaki ang dumating sa Shíráz na naghahanap sa Kaniya na Ipinangako. Sinalubong siya ng Báb sa labas ng bukana ng lungsod at inanyayahan siya sa Kaniyang tahanan upang magpahinga pagkalipas ng kaniyang mahabang paglalakbay. Doon ay ipinahayag ng Báb na Siya na ang sabik na hinihintay ng mga tao .**



**Ang kahulugan ng salitang "báb" ay pinto. Ipinahayag ng Báb na hindi magtatagal may panibagong Sugo ng Diyos ang darating at pagkakaisahin Niya ang lahat ng mga tao ng daigdig sa iisang pamilya. Ang Báb ay naging tulad ng isang pinto na aakay sa sangkatauhan patungo sa isang bago at maluwalhating kinabukasan.**




**Ang bilang ng mga tagasunod ng Báb ay mabilis na lumaki. Sa buong Iran, sinimulan nilang palaganapin ang banal na mga turo na ipinahayag Niya.**



**Hindi nagtagal ang mga pinuno ng pamahalaan at ang klero, na natatakot na mawawala sa kanila ang kapangyarrihan, ay nagsibangon laban sa bagong Pananampalataya ng Diyos. Ibinilanggo nila ang Báb sa isang kuta sa isang liblib na bahagi ng bansa, na malayo sa Kaniyang mga tagasunod.**



**Dumanas ng napakalupit na pag-uusig ang mga tagasunod ng Báb. Sila ay sinalakay, binugbog, at itinapon sa bilangguan. Libu-libo sa kanila ang pinatay, subalit patuloy na lumaganap ang Kapakanan ng Diyos.**



**Sa taong 1850 ang Báb ay minartir. Sa utos ng pamahalaan, Siya ay ibinitin sa liwasang-bayan kasama ang isa sa Kaniyang mga tagasunod at binaril ng isang rehimyento ng mga sundalo. Ang Báb ay 31 taong gulang pa lamang.**



**Ibinuwis ng Báb ang Kaniyang buhay upang ihanda ang daan para sa pagdating ni Bahá’u’lláh, “Ang Luwalhati ng Diyos”, na ang bandila ng Kaniyang Pananampalataya ay natatadhanang itaas sa bawat sulok ng daigdig.**

Copyright © 2007, 2022 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.1.1.PE March 2022

Ruhi Institute
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org